ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 3
Pebrero 7, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Ibunsod ang bagong daluyong ng mga protesta

Makabuluhang gunitain ngayong Pebrero ang ika-30 anibersaryo ng Pag-aalsang EDSA na nagpabagsak sa diktadurang US-Marcos, at ang ika-45 anibersaryo ng barikada sa Unibersidad ng Pilipinas na tinaguriang Diliman Commune (Komuna sa Diliman).

Ang mga ito ang dalawa sa maniningning na sandali sa kasaysayan ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino. Hinamon at binasag ng mga ito ang dating umiiral na mga pampulitikang proseso at hangganang itinatakda ng naghaharing sistema. Hinawakan ng sambayanang Pilipino ang pampulitikang kapangyarihan at ginamit iyon para yanigin ang mga naghaharing uri.

Mahalagang magbalik-tanaw sa dalawang makasaysayang sandali na ito upang humalaw ng mga aral at inspirasyon para mapagpasyang labanan ang lumalalang dominasyon at panghihimasok ng imperyalismong US sa bayan. Katuwang ng papet na estado, kaliwa't kanan ang ipinapataw na mga patakarang neoliberal na nagpapasidhi sa pang-aapi, pagsasamantala at paniniil sa sambayanang Pilipino.




Kailangang-kailangan ng malawak na masa ng mamamayan na pag-ibayuhin ang mga pakikibaka para wakasan ang pang-aapi, pagsasamantala at paniniil sa ilalim ng batbat sa krisis na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal at puspusang isulong ang pakikibaka para sa pambansang demokrasya.

Ang Pag-aalsang EDSA ay paggamit ng soberanong kapangyarihan ng bayan. Ito ay di maiaalis na karapatan ng bayan. Ang aral na ito ay pilit na binubura ng mga reaksyunaryong pulitiko sa isip ng bayan. Pilit nilang idinidikdik na "pagod na ang bayan" sa pakikibaka sa lansangan sa hangaring pigilan ang mamamayan na gamitin ang angking kapangyarihang pampulitika.

Ang mga karaingan at galit ng sambayanan ay pilit nilang dinadala sa larangan ng reaksyunaryong halalan. Pinalalabas na hindi maganda ang mga pag-aalsang tulad sa EDSA para sa "katatagan ng sistema" kahit pa wala naman talaga itong kahulugan kundi katatagan ng paghahari at interes ng mga mapagsamantalang uri.

Tatlumpung taong nakaraan, sa pamamagitan ng Pag-aalsang EDSA, ipinamalas ng sambayanang Pilipino na hindi sila maaaring ikulong sa eleksyon o iba pang prosesong itinatakda ng naghaharing sistema. Naipakita nila sa pamamagitan ng Pag-aalsang EDSA na maaari nilang gamitin ang sama-samang pagkilos sa lansangan bilang sandata sa pagbabagsak ng isang kamuhi-muhing rehimen, kahit pa hindi ito sapat para baguhin ang buong mapagsamantalang naghaharing sistemang panlipunan.

Ang Pag-aalsang EDSA ay bunga ng ilang taon ng magiting na laban sa diktadurang US-Marcos, kapwa sa kalunsuran at sa kanayunan, kapwa sa larangang di armado at armado. Ang kolektibong determinasyon na ipinamalas ng sambayanang Pilipino sa Pag-aalsang EDSA ay pinanday sa apoy ng mga pag-aaklas at pakikibakang masa simula dekada sitenta.

Kabilang sa mga pag-aaklas na ito ang Diliman Commune ng 1971 na inilunsad sa gitna ng kilusang protesta laban sa pagtaas ng presyo ng gasolina. Sa loob ng apat na

araw, binarikadahan ng libu-libong estudyante mula sa UP ang mga kalsada papasok at papalabas sa kampus ng UP sa Diliman bilang pagpapamalas ng kanilang paghihimagsik sa naghaharing sistema.

Nagsimula ang Diliman Commune bilang protesta ng mga estudyante sa pagtataas ng presyo ng gasolina noong panahong iyon. Matalas nilang binatikos at nilabanan ang mga monopolyong may kontrol sa pandaigdigang industriya ng langis.

Pinakawalan ng rehimeng Marcos ang buong-lakas ng pulis at militar upang supilin ang pag-aaklas subalit sinagot naman ito ng mga estudyante ng tapang at paninindigan at masigasig na anti-pasistang paglaban. Lalo pa itong lumawak nang makuha ang suporta at paglahok ng mga guro at manggagawa ng UP, ang mga komunidad sa paligid nito at ang mga estudyante mula sa iba pang mga paaralan.

Ibinandera ng mga estudyante at iba pang sektor na nakiisa sa mga barikada ang sigaw para sa rebolusyon. Pagpapatuloy iyon ng malawak na mga demonstrasyon noong Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970, ang serye ng mga pagkilos ng mga kabataang-estudyante at masang anakpawis na sumisigaw ng panlipunang rebolusyon.

Bagaman nagtagal lamang nang ilang araw ang mga barikada, nagtagumpay ang mga kabataang estudyante sa pamamagitan ng Komuna ng Diliman na ituon ang pansin ng bayan sa mga saligang suliranin ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Sa panahon ng Diliman Commune, ang buong kampus ay nagsilbing balwarteng pangkultura ng rebolusyong Pilipino. Iwinaksi nito ang konsepto ng "kapangyarihan ng mga estudyante" at pinalaganap ang prinsipyong masa ang tagapaglikha ng kasaysayan. Malawakan nitong pinukaw ang mga estudyante na mahigpit na makiisa sa masang anakpawis at magtungo sa mga pabrika, komunidad at kanayunan.

KINAKAHARAP ng sambayanang Pilipino ang lalong tumitinding krisis sa gitna ng nagtatagal at sumisidhing krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at paglalim at paglala ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas.

Pinapapasan sa bayan ang mabibigat na patakarang neoliberal. Ipinapataw ito ng reaksyunaryong estado upang bigyang-laya ang malalaking kapitalista at asendero na dambungin ang likas-yaman at todong pagsamantalahan ang lakas-paggawa at pigain ang huling tulo ng pawis ng masang manggagawa at magsasaka.

Milyun-milyong manggagawa ang nagdurusa sa napakababang sahod at kontraktwalisasyon at iba't ibang anyo ng pleksibleng paggawa. Milyun-milyong magsasaka ang nagdurusa sa kawalan at pangangamkam ng lupa ng mga asendero't dayuhang kapitalista sa plantasyon at pagmimina, mala-aliping sahod at kawalan ng kabuhayan. Milyun-milyong kabataan ang hindi makapag-aral dahil sa taas ng matrikula. Sa ilalim ng K-12, iniluluwal ang daan-daan libong kabataang may mababababang kasanayan upang palawakin ang hukbo ng murang lakas-paggawa.

Kaakibat ng pagpapataw ng mga pabigat na patakarang neoliberal sa masang anakpawis, nagpapalaganap ang mga naghaharing uri ng mga kaisipan at impluwensya upang ipatanggap sa mamamayan ang pinaiiral na pamamalakad at pikit-matang tiisin na lang ang kanilang paghihirap at pagdurusa. Dapat basagin ang mga kaisipang naghihikayat ng pagkakimi at pananahimik na lalong nagsasadlak sa bayan sa pang-aapi at pagsasamantala.

Dapat ipatimo sa sambayanang Pilipino ang mga aral sa kanilang mahaba na ring kasaysayan ng paghihimagsik at paglaban, kabilang na ang mahahalaw sa Pag-aalsa sa EDSA at sa Komuna ng Diliman. Halawin ang mga aral mula rin sa iba't ibang panahon ng pagdaluyong ng mga protesta at mga pakikibakang masa.

Gamitin ang mga aral na ito upang singilin si Benigno Aquino III sa dami at laki ng mga kasalanan niya at ng kanyang rehimen sa ba-


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg 3 | Pebrero 7, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


**Editoryal:** Ibunsod ang bagong daluyong ng mga protesta 1

Pambabaluktot sa kasaysayan ng EDSA 3

Laban para sa dagdag pensyon sa SSS 5

Papel ng US sa Mamasapano 5

US Socom: Digmaan sa 135 bansa 6

Dole at Del Monte, sinalakay ng BHB 7

8 patay, 7 sugatan sa 3rd SFB at Magahat 7

Pagpaslang at militarisasyon ng 2016 8

NGP, pangangamkam sa Cagayan Valley 10

Pagtumal ng ekonomya ng China 11

Libreng patubig, giit ng mga magsasaka 12



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

yan. Ang panahon bago ang eleksyon ay sapat pa upang maglunsad ng malalaking protesta upang yanigin si Aquino.

Ang paggunita sa Pag-aalsang EDSA hanggang rali sa Mayo 1 ay mga pagkakataon para magkaisa ang buong bayan at iluwal ang dambuhalang protesta para batikusin at singilin si Aquino sa mga patakarang nagpalala sa pagsasamantala at kalagayan ng masang Pilipino, pati na sa ibayong pagsurender ng pambansang kasarinlan sa imperyalismong US sa kapinsalaan ng buong bayan.

Walang maaasahang pagbabago kahit matapos ang darating na eleksyong 2016. Sinuman sa mga nagpapaligsahang reaksyunaryong kandidato ang maluklok sa poder, tiyak na ipagpapatuloy ang kabuuan ng mga patakarang neoliberal. Titiyakin ng US na magiging papet nito ang sinumang uupong presidente. Lahat sila'y nakatuon ang programa sa pag-akit sa dayuhang pamumuhunan at paglalatag ng mga kundisyon at patakarang pabor sa malalaking dayuhang kapitalista.

Alinman sa kanila ang maluklok na presidente, tiyak na itutuloy lamang ang anti-mamamayang programang ipinatupad ng rehimeng Aquino sa nagdaang anim na taon. Sa esensya, wala itong ipinag-iba sa programa ni Arroyo, Estrada, Ramos at Corazon Aquino na pawang dinisenyo at pinondohan ng IMF-WB alinsunod sa itinutulak nitong liberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon. Sa tulak ng hegemonismo ng US, lalo pa nitong patitindihin ang panghihimasok militar sa ilalim ng susunod na papet na rehimen.

Dapat kaagad na salubungin ng papalaki pang mga demonstrasyon ang bagong uupong rehimen para puspusang singilin ang rehimeng Aquino, at lalong higit, para itulak at isulong ang kanilang sigaw para sa pambansa-demokratikong pagbabago. Ipadaluyong ang mga protesta laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. AB

# Ilantad ang pambabaluktot sa kasaysayan ng Pag-aalsang EDSA

Sa darating na paggunita sa ika-30 taon ng Pag-aalsang EDSA sa Pebrero 25, dapat ituwid ang ginagawang mga pambabaluktot sa kasaysayan nito. Dapat halawin ang wastong mga aral upang magamit ng sambayanang Pilipino ang mga iyon sa gagawin pa nilang paghuhugis ng kanilang kasaysayan.

Ang Pag-aalsang EDSA ay kulminasyon ng humigit-kumulang 15 taong pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa pasistang diktadurang US-Marcos. Na ito ay ibinunga ng mahabang panahon ng pakikibaka, kabilang na ang magiting na armadong pakikibaka, ang pilit na pinagtatakpan ng mga reaksyunaryo.

Tuloy-tuloy ang pagsisikap ng mga naghaharing elitista na ilayo ang Pag-aalsang Edsa sa mamamayan. Inilalarawan nila ang EDSA bilang isang "milagro" na inspirado ni Cory Aquino at Cardinal Sin. Noong nakaraang taon, sa Cebu pa idinaos ni Aquino ang paggunita sa EDSA upang patampukin ang papel ni Cory Aquino na noo'y sa Cebu naghanap ng masusulingan. Karugtong nito ang hinahabing alamat na ang Pag-aalsang EDSA ay nagsimula sa asasinasyon kay Benigno S. Aquino noong 1983 at nagdulo sa tangkang kudeta sa loob ng Camp Crame.

Pilit na binubura ang mas mahabang kasaysayan ng pakikibaka, mga pagdurusa at sakripisyo ng ilampung libong mamamayan, ang mahabang panahong pagpapanday ng kamulatan at lakas ng bayan para ibagsak ang kinamumuhiang pasistang diktadura.

Milyong mamamayan ang humugos sa EDSA noong Pebrero 22-25, 1986. Iba't ibang magkakatunggaling pwersa ang nagtagpo sa EDSA sa isang di pormal na alyansa laban kay Marcos. Kabilang rito ang grupo nina Enrile-Ramos dala ang Reform the Armed Forces Movement (RAM) na nagdeklara ng pagkalas sa rehimen noong Pebrero 22 at nagtayo ng sariling kumand sa loob ng Camp Crame. Pagsambulat ito ng matinding hidwaan sa loob ng militar at pulis bunga ng pagpabor ni Marcos sa isang pangkat sa mga promosyon, bahaginan ng yaman at kapangyarihan.

Isang grupo rin ang konserbatibong oposisyon ng mga reaksyunaryong anti-Marcos, at ang Simbahang Katoliko sa pamumuno ni Jaime Cardinal Sin, na sa mga huling bahagi na lang ng batas militar naging kritikal kay Marcos, nang dumadaluyong na ang kilusang masa.

Ikatlo ang grupo ng pambansa-demokratikong kilusan na dala ang pinakamatatatag na pwersang matagal nang lumalaban sa diktadura. Sinuong nito ang buong haba ng batas militar kung saan libu-libong rebolusyonaryong martir at mamamayan ang pinaslang, dinukot, tinortyur at ikinulong ng pasistang diktadura.

**Matibay na gulugod ng pakikibakang anti-US-Marcos**

Ang mahigit isa't kalahating dekada bago ng Pag-aalsa sa EDSA ay panahon ng pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa ng pambansa demokratikong kilusan. Binigyang-hugis ng rebolusyonaryong kilusan ang galit ng mamamayan hindi lamang laban sa panunupil, kundi laban sa malawakang pandarambong at pagpapasasa ng rehimen, at sa kahirapang dulot ng kawalan ng industriyalisasyon at reporma sa lupa.

Sa ilalim ng brutal na panunupil ng batas militar, itinaya ng mga

kadre, aktibista at rebolusyonaryong masa ang kanilang buhay at lakas sa pagkilos upang maibunsod ang hayag na pangmasang pagkilos, hanggang umabot ang impluwensya sa iba't ibang mga patriyotikong sektor sa isang malawak na kilusang antipasista.

Pinalalim ito sa laban na antipyudal at iniangat sa labanang anti-imperyalista kaya labis na naihiwalay ang diktadurang US-Marcos. Ang mahusay na gawain sa nagkakaisang prente at matibay na kilusang rebolusyonaryo ang humamig sa iba pang mga saray at uri upang magkaroon ng lakas ng loob na lumaban sa kinasusuklaman nilang diktadura.

Nang ipinapatay ni Marcos si Benigno Aquino noong Agosto 21, 1983, bumulwak sa isang daluyong ng protesta ang galit ng mamamayan. Ang mga pambansa-demokratikong pwersa ang nagsilbing gulugod ng daluyong na ito. Sila ang nagpatatag at nagsustine ng mga pakikibakang masa sa harap ng mga tangka ni Marcos na supilin ito.

Ang mga anti-Marcos na paksyon ng naghaharing uri na dati'y nanahimik sa loob ng bayan o piniling kumilos sa relatibong mas ligtas na pamamaraan sa US ay sumama sa rumaragasang kilusan laban kay Marcos. Nabuo ang malalapad na mga alyansa tulad ng Justice for Aquino, Justice for All at Coalition for the Restoration of Democracy kung saan nasa ubod ang pambansa-demokratikong pwersa ngunit kabilang ang iba pang mga patriyotikong pwersa tulad nina Tañada at Diokno, sampu ng mga reaksyunaryong anti-Marcos kabilang si Corazon Aquino.

Nakipagtulungan sila sa rebolusyonaryong kilusan sa militanteng mga aksyon noong 1983-1985. Dumalas ang mga demonstrasyong 50,000-100,000 ng mga kabataan, manggagawa at magsasaka na mainit na sinusuportahan ng masa ng sambayanan.

**Pakikialam ng US**

Sa takot na lumalakas ang pambansa-demokratikong kilusan at nagtatamo ng namumunong papel, napilitan ang US noong 1984 na magbago ng patakaran mula sa suporta tungo sa pagtanggal kay Marcos. Sunud-sunod ang pagpresyur kay Marcos kabilang ang pagbisita ng direktor ng Central Intelligence Agency (CIA) na si William Casey noong Mayo 1985 kasunod ang personal na kinatawan ni Presidente Reagan na si Senador Paul Laxalt noong Oktubre 1985.

Lahat sila'y may mensahe kay Marcos ng magpatawag na ng eleksyon bago 1987 o kaya'y patuloy na pipigilan ang ayudang pondo mula sa US. Madalas pang ipresyur ni Laxalt sa mga tawag niya si Marcos hanggang magpahayag ang huli noong Nobyembre 1985 na magdaraos ng dagliang eleksyong presidensyal.

Ilang araw matapos magpahayag ng eleksyon si Marcos, dumating sa Maynila si Richard Holbrooke, assistant secretary of state for East Asia ni Presidente Reagan. Kasama sina US Ambassador Stephen Bosworth at Manila CIA station chief Norbert Garrett sa pagharap kina Corazon Aquino, Jose Cojuangco at Agapito "Butz" Aquino.

Inilinaw nila ang mga kundisyon para manalo at maupo si Aquino. Una ang pagtanggal ng mga komunista at simpatisador nito sa kanyang pinakamalapit na sirkulong mangangampanya at sa itatayong gabinete kapag manalo na; at ikalawa ang hindi paggamit sa isyu ng mga base militar ng US sa kanyang kampanya, bagay na hindi niya tinanggihan.

Tinalikuran niya ang dating pinirmahang dokumento kasama ng mga pambansa-demokratikong pwersa sa grupong kumbenor noong Disyembre 26, 1984 na nananawagan ng paglalansag sa mga base militar ng US. Nanindigan siya ng "open options" hanggang 1991, gayong magsisimula na ang mga negosasyon nang 1987.

Pebrero 7, 1986 nang idaos ang eleksyon. Hindi pa tapos ang pagtatala ng resulta ay nag-walk-out na ang mga tauhan ng rehimen na humahawak ng kompyuter dahil hindi na masikmura ang dayaan. Ang pambansa-demokratikong kilusan ang pinakamalakas na bumatikos sa pandaraya.

Upang agawin ang inisyatiba sa mas papaigting na protesta, sa direksyon ng US ay nagbago ng pusisyon ang Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) mula sa kritikal na pakikipagtulungan tungo sa pagdeklara noong Pebrero 14 na hindi lehitimo ang rehimeng Marcos.

Sa ikaapat na araw ng *stand-off* sa EDSA, itinakas ng US si Marcos mula sa Malacanang. Binigyan siya sampu ng kanyang pamilya at malapit na alipures ng eroplanong masasakyan at lugar na mapagkakanlungan sa Hawaii, USA.

**Pagpapabagsak sa rehimen**

Hindi dapat kalimutan ng mamamayan na ang lakas ng kanilang pagkilos ang nagpabagsak sa diktadurang US-Marcos. Hindi ang paghihintay ng milagro. Hindi ang tulong ng US, ang Cory Magic o ang kudeta ng RAM.

Sa Pag-aalsang EDSA, ang mapagpasya sa pagpapabagsak sa diktadurang US-Marcos ay ang rebolusyonaryong kilusang masa. Ito ang pinakapuspusan at matiyagang nagpatuloy ng laban at nagsilbing bag-as ng malawak at militanteng kilusang masa. Dahil sa malawak na kilusang masa napilitan ang US na magpalit ng kanilang mabahong kabayo.

Ngunit ang inabot na lakas ng rebolusyon sa panahong iyon ay hanggang sa antas lamang na kaya nitong magpabagsak ng isang rehimen. Gayon, ang Pag-aalsa sa EDSA ay hindi tinatawag na rebolusyon, dahil hindi niyon ibinagsak ang buong bulok na naghaharing sistema. Umiiral pa rin ang mapang-aping sistema at mga bulok na rehimen.

Ang tunay na rebolusyon at pagkamit ng pundamental na pagbabago ay matatamo lamang kapag mawawasak ang buong makinarya ng naghaharing estado sa pamamagitan ng digmang bayan at pagtatayo ng demokratikong gubyernong bayan. AB

## Laban para sa dagdag pensyon sa SSS, lumalaganap

LUMALAGANAP sa buong bansa ang protesta laban sa pagbasura ng rehimeng US-Aquino sa panukalang batas para dagdagan ang natatanggap na pensyon ng mga retiradong myembro ng SSS.

Noong Enero 28, inilunsad ang mga rali at iba pang aksyon-protesta sa Metro Manila at iba't ibang bahagi ng bansa para sa dagdag na P2,000 sa pensyon. Sa ilalim ng panawagang "Kalampagin ang SSS," pinangunahan ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang magkasabay na mga piket sa harap ng pambansang tanggapan ng SSS sa Quezon City at sa mga syudad ng Baguio, Calamba, Legaspi, Iloilo, Kalibo, Cebu, Cagayan de Oro, General Santos at Davao.

Inilunsad naman noong Enero 30 ang "Sama-samang Sigaw" sa QC Memorial Circle.

Nitong Pebrero 4, sa huling araw ng sesyon ng kongreso, pinagpatayan ng mikropono si Rep. Neri Colmenares habang nagtatalumpati sa kongreso para itulak na bumoto ang kongreso laban sa pagbasura ni Aquino sa panukala. Binatikos ito ng mga grupong makabayan at progresibo pati na rin ng ilang mga oposisyunistang kongresista.

Samantala, binatikos ng Ibon Foundation ang rehimen sa pagtangging itaas ang pensyon gayong ginagamit nito ang malaking bulto ng pampublikong pondo para garantiyahan ang kita ng malalaking burgesyang kumprador.

Ayon sa mga pag-aaral, kung paghuhusayin ng SSS ang sistema ng pangungulekta at babawasan ang naglalakihang bonus ng mga upisyal nito, malaki pa ang reserba ng institusyon. Sa mga pag-aaral ng mga tagasuporta ng panukala, malaki pa ang pondo ng SSS mula sa mga ari-arian nito (P198 milyon), di nakulektang kontribusyon mula sa mga delingkwenteng employer (P13.5 bilyon) at hanggang P325 bilyon na balanse sa di pa nakukulektang rebenyu noong 2009.

Mayroon ding mga ari-arian ang institusyon na umaabot sa P447 bilyon noong Oktubre 2015. Patunay ang lahat ng ito sa kahungkagan ng pagdadahilan ng rehimeng Aquino na malulugi ang SSS kung ipatutupad ang pagtaas sa pensyon.

Sa kabilang banda, todo todo ang pagbuhos ng rehimen ng pondo sa mga pribadong negosyong sangkot sa programa nitong Public-Private Partnership. Halimbawa nito ang paggarantiya ng P35 bilyon o 54% sa gastusin ng kabuuang gastos ng paglalatag ng LRT1 ng mga kumpanyang pinamumunuan ng grupong Ayala at Pangilinan. AB

## Papel ng US sa Mamasapano patuloy na pinagtatakpan

HINDI pagbubunyag ng buong katotohanan, kundi patuloy na pagtatakip sa nangungunang papel at responsibilidad ng US at pakikipagsabwatan sa rehimeng Aquino, ang ginawa sa muling binuksang imbestigasyon ng Senado sa pangyayari sa Mamasapano.

Sa dramang muling pagbubukas ng imbestigasyon sa Senado noong Enero 27, iginiit ni Sen. Juan Ponce Enrile na may tuwirang kinalaman si Aquino sa nabulilyasong operasyon ng SAF sa Tukanalipao, Mamasapano, Maguindanao noong Enero 25, 2015. Napatay sa operasyong ito ang 44 na tropa ng SAF, 17 tropa ng MILF/BIFF, at limang sibilyan.

Ngunit hindi naman binigyang-pansin ni Enrile ang nagdudumilat na katotohanan tungkol sa interbensyunistang papel ng US.

Ang pagbubunyag ni Enrile sa mga nakuha diumanong rekord ng usapan at text sa selpon ay nagtuturo sa papel ni Aquino sa Mamasapano. Iginigiit niya na sadyang hindi nagpadala ng panaklolong tropa si Aquino kayat nadurog ang pwersa ng SAF.

Ngunit sinapawan ang kanyang tinig ng maraming tagadepensa ng rehimen. Sa katapusan, nagpasya ang Senado na hindi babaguhin ang dati nilang ulat na pinagtatakpan ang kasalanan ng US at ni Aquino sa Mamasapano sa maramihang pagkakapatay ng mga pulis kumando. Kay Getulio Napeñas pa rin nabunton ang huling sisi.

Ang pambansang soberanya ng Pilipinas ang tunay na biktima sa Mamasapano. Tahasang niyurakan ito ng imperyalismong US sa tuwirang pagpaplano, pagsasanay ng mga tropa, pagdirihe, at aktwal na paglahok sa pagsalakay sa target na sila rin ang nagtakda. Pilit itong ipinagkaila ni US Ambassador Philip Goldberg, pero napilitan pa rin siyang umamin na tumulong sila sa treyning at sa paggamit doon ng drone. Ngunit pinalalabas niyang lahat ito ay hiniling diumano ng Pilipinas bilang tulong mula sa US.

Ang totoo, mga upisyal ng US ang nagmamando sa tactical command post sa Shariff Aguak na kinaroroonan din ni Napeñas noong mga oras na iyon. Mga pwersa ng JSOTF-P ang pumili sa SAF bilang pwersang gagamitin sa operasyon. Mga sundalong Amerikano rin ang nagsanay sa mga tauhan ng SAF sa mga pasilidad nito sa Zamboanga sa resort ni Celso Lobregat. Ito rin ang nagbigay ng pondo at mga sandata.

Bilang pangunahing tuta, nagpahintulot at aktibong tumulong si Aquino sa pagsasakatuparan ng proyektong ito ng US. Ayon sa ilang abugado, pwedeng sampahan ng kasong *impeachment* si Aquino dahil pinahintulutan niyang pumasok ang US sa operasyong kombat sa Pilipinas nang walang pagsang-ayon ang Kongreso.

Bago pa man muling buksan ang imbestigasyon, pinawalang-sala na ng Department of Justice (DOJ) ang US at si Aquino sa nasabing masaker. Pinagpasyahan ng DOJ na sampahan noong Enero 14 ang 90 akusado ng kasong kriminal na *direct assault with murder* at pagnanakaw laban sa 35 pinatay na tropa ng 55th SAC. Ang mga kinasuhan ay mga kasapi ng MILF at BIFF. Walang kasong isinampa laban sa mga tropa ng SAF sa pagmasaker sa limang sibilyan at pagsugat ng ilan pa kabilang na ang isang limang-taong batang babae. Binaril nila ang mga ito bago pa man at matapos ang engkwentro.

Sa tangkang pahupain ang galit ng mga pwersa ng PNP at mga pamilya ng SAF 44, ginawaran ng Malacañang noong Enero 25 ng Medalya ng Kagitingan ang dalawa sa mga nasawing kumando ng SAF. Subalit sa halip na humupa, lalong lumaganap ang hinanakit ng marami sa pagtangging ibigay ang medalya sa lahat ng nasawi.

---

# US Socom: Sikretong Digmaan sa 135 bansa

Ang mga upisyal ng militar ng US na nagplano at nagdirihe sa nabulilyasong operasyon sa Mamasapano noong Enero 25, 2015 ay nakapailaliim sa tinaguriang Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P). Ang JSOTF-P ay isang 900-kataong espesyal na yunit ng mga tropang Americano na nakapailalim sa tinataguriang US Special Operations Command (SOCOM).

Kasunod ng pagpapatibay kamakailan ng Korte Suprema sa EDCA, tiyak na lalo pang magiging aktibo ang militar ng US sa panghihimasok sa Pilipinas, alinsunod na rin sa tinagurian nitong Asia Pivot o pagpihit sa Asia. Bukod sa paggamit ng mga regular na pwersang militar sa ilalim ng US Pacific Command, kabilang sa mga pwersang ginagamit ng US ang mga espesyal na tropa nito sa ilalim ng SOCOM.


Binubuo ang SOCOM ng mga yunit tulad ng Green Berets ng US Army, Navy Seals mula sa US Navy at Special Forces ng US Air Force at Marines.

Matagal nang ginagamit ng US ang SOCOM sa digmang "counterinsurgency" at mga digmaan laban sa mga bansang nakikibaka para sa pambansang paglaya tulad noon sa Vietnam. Ang Special Forces ang naunang pumasok sa Vietnam bago tuluyang pumasok ang 500,000 regular na pwersang Amerikano noong 1968. Sa Pilipinas, binuo at ipinakat ng SOCOM ang JSOTFP noong 2002 nang idineklara ang Pilipinas bilang "second front" ng "gera sa terorismo". Itinatag nito ang permanenteng presensya sa loob ng Camp Navarro sa Zamboanga City.

**Pagsaklaw sa buong daigdig ng SOCOM**

Sinasaklaw ng operasyon ng SOCOM ang 135 bansa, 80% mas malaki kumpara sa 75 bansang saklaw nito noong 2010 at doble kumpara sa saklaw nito bago umupo si Obama sa pagkapresidente noong 2008. Dumoble ang kabuuang bilang ng puwersa nito mula 33,000 noong 2001 tungong 70,000 ngayon.

Nagtriple ang budget ng SOCOM mula $3 bilyon noong 2001 patungong $10 bilyon noong 2014 (sa tunay na halaga ng dolyar). Liban pa ito sa $8 bilyong taunang gastos na nakukuha nito sa iba't ibang serbisyo (army, navy, air force at marines). Nagtriple na ang tropang special forces na ipinapakat ng US sa ibayong dagat. Kada araw may 11,000 tropa ng SOCOM ang nakapakat sa labas ng US.



Kasalukuyang namumuno sa SOCOM si Maj. Gen. Joseph Votel, na itinalaga ni Obama kamakailan na susunod na mamumuno ng US Central Command (CenCom) na sumasaklaw sa Middle East.

Mula 2006, lumaki mula 7% tungong 10% ang bilang ng puwersa ng SOCOM na nakatalaga sa dagat Pasipiko, kabilang ang nasa Pilipinas. Lumiit ang bilang na nakatalaga sa Middle East mula 85% tungong 69%, samantalang dumoble ang nakatalaga sa European Command (EUCOM), kabilang na ang sa Ukraine, mula 3% tungong 6%. Lumaki naman ang nakatalaga sa Africa Command mula 1% tungong 10%, tanda ng lumalaking interes ng US doon.

Karamihan sa mga ipinapakat na special forces ay nakapailalim sa mga panteritoryong kumand ng US, tulad ng SOCPAC (Special Operations Command-Pacific) na may saklaw sa Pilipinas. Mayroon ding isang kumand na palihim na kumikilos, ang Joint Special Operations Command (JSOC). Dito nakapaloob ang JSOTF-P. Dito nagmula si Votel na diumano'y espesyalisado sa paghahanap at pagpatay ng mga tinuturing nitong "terorista".

Pinakapili sa mga espesyal na operasyon ang isinasagawa ng JSOC. Eksperto ito

sa mga lihim at tahimik na mga operasyon sa "pinakamainit" na mga lugar o labanan. Kabilang na dito ang operasyon kung saan napaslang si Abu Sabaya sa Mindanao.

Karamihan sa mga pagpakat ng SOCOM ay nakatuon sa pagbibigay ng mga pagsasanay. Kabilang dito ang indibidwal na pagsasanay tulad ng pagsipat at pagtudla, nabigasyon sa lupa, operasyon sa himpapawid atbp. Mayroon ding antas-yunit na pagsasanay kabilang ang mga taktika ng maliliit na yunit, operasyong "kontra-terorismo" at operasyong pandagat. May pormal na pagsasanay sa loob ng silid-paaralan tulad ng paggawa ng mga desisyong pangmilitar o pagpaplano ng istap.

Mula 2012 hanggang 2014, isinagawa ng mga puwersa ng Special Operations ang 500 misyong Joint Combined Exchange Training (JCET) sa 67 bansa taon-taon. Lumahok ang 25,000 tropa mula sa 77 bansa sa mga tulad nitong pagsasanay noong 2012-2013. Nagsagawa rin ito ng 75 pagsasanay sa 30 bansa noong 2014; at planong maglunsad ng 98 sa 34 bansa noong 2015.

Pinakamarami sa mga JCET noong 2012-2013 ay inilunsad ng SOCPAC. Pinakamarami sa mga pagsasanay noong 2012 ay isinagawa sa Pilipinas. Noong 2013, magkasindami ang inilunsad na pagsasanay sa Pilipinas at Thailand. *(Itutuloy sa susunod na isyu.)*

# Mga plantasyon ng Dole at Del Monte, sinalakay ng BHB sa Bukidnon

Isang serye ng pagsalakay sa mga plantasyon ng saging at pinya ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan sa Bukidnon nitong huling linggo ng Enero upang labanan ang plano ng mga multinasyunal na kumpanya sa pagpapalawak ng mga plantasyong mapanira sa kalikasan.

Noong Enero 25-30, winasak ng BHB ang iba't ibang mapaminsala at mapanlasong kagamitan ng malalaking plantasyon sa Bukidnon sa layuning paralisahin ang operasyon at pigilan ang ekspansyon ng mga ito.

Noong Enero 25, sinunog ang buldoser, trak na Hummer at generator set ni Leo Wu, kontraktor ng Del Monte Philippines, Inc. sa Barangay San Juan, Balingasag. Dalawang araw matapos nito, apat na ektarya ng pinyang MD2 ng Del Monte ang sinunog sa Brgy. Lapinigan, Libona, Bukidnon.

Noong Enero 30, sinunog ang pampinyang boom spray (pambomba ng pestisdyo) ng Lapanday Company sa Barangay Laguitas at ang pansaging na boom spray ng Dole Skyland. Winasak din ang dalawang buldoser na D150 Caterpillar ng Del Monte sa Barangay Gabunan, Casisang, Malaybalay City.

Ayon kay Allan Juanito, tagapagsalita ng NPA-North Central Mindanao Region, ang paghuhukay ng lupa para sa pagpapatag at pagpapatanim sa mga plantasyon ay may mapanirang epekto na katulad ng sa pagmimina.

"Sa bawat ektaryang binubuldoser, mahigit 150 tonelada o 70 damtrak ng lupa ang binabagbag tungo sa mga sapa at ilog. Lilipulin nito ang bawat nakatayong puno, damo at iba pang halamang ligaw sa lupa, kabilang na ang mga mabubuting kulisap na malalason sa mga ibinobombang kontra-kulisap na lason at mga abono," dagdag pa niya.

"Habang nasa lubluban ng matinding pagdarahop ang napakaraming magsasaka at kanilang pamilya rito sa ating rehiyon... ang imperyalistang mga kumpanya ng Del Monte at Dole-Itucho, kabilang na ang Lapanday ng pamilyang Lorenzo, ay patuloy na nagpapalawak ng kanilang mga plantasyon. Sa bawat ektaryang ginagamit para sa plantasyon, isang ektarya para sa pagkaing tanim ang nawawala".

Ang mga tinatanim sa plantasyon ay hindi kinokonsumo ng mga magsasaka kundi pinagkakakitaan ng mga multinasyunal sa pag-eksport. Umaani ng mahigit dalawang milyong kahon ng pinya ang Lapanday Foods bawat taon sa mga plantasyon nito sa Aglayan at Maluko, Bukidnon.

Ang Del Monte Pacific Ltd (DMPL), pinakamalaking plantasyong pinya sa daigdig, ay umaani taun-taon ng 700,000 toneladang pinya sa Mindanao. Ang Dole Food Company, kasosyo ang Itochu Corporation ng Japan, ang kinilalang pinakamalaking suplayer ng sariwang prutas sa daigdig.

## Walo patay, pito sugatan sa 3rd SFB at "Magahat"

Walo ang patay at pitong iba pa ang sugatan sa panig ng 3rd Special Forces Battalion ng Philippine Army at paramilitar na "Magahat" sa tatlong sagupaan laban sa Bagong Hukbong Bayan noong Enero 15-16 sa Barangay Mabuhay, Prosperidad, Agusan del Sur.

Inambus ng isang yunit ng BHB-Front 19 ang 12-kataong tropa ng "Magahat" noong umaga ng Enero 15, at muling hinaras ng isa pang yunit ng BHB ang nasabing mga paramilitar nang hapon ding iyon. Dalawang elemento ng bandidong "Magahat" ang namatay. Kinabukasan nang alas 9:20 ng umaga, sinalakay ng 50 pinagsamang tropa ng 3rd SFB PA at "Magahat" ang pusisyon ng BHB sa Sityo Kauswagan, Barangay Mabuhay. Anim na kaaway ang patay habang pito ang sugatan matapos ang ha-

los 20 minutong labanan.

Ayon kay Ka Maria Malaya, tagapagsalita ng National Democratic Front-Northeastern Mindanao Region, kabilang sa operasyon ang mga bandidong "Magahat" na sangkot sa pagpatay sa mga Lumad. Iniulat ng mga residente na kasabay ng 3rd SFB sina Bobby Tejero, Romeo Banusan, Emie Perez, at Anit Belandres na pawang mga tauhan ni Kalpit Egwa.

Si Bobby Tejero ay imbwelto sa pagmasaker sa mga Lumad sa Han-ayan, Diatagon, Lianga noong Setyembre 1, 2015. Si Anit Belandres naman ay kapatid ni Marcial Belandres na pumatay sa lider-Lumad na si Henry Alameda noong Oktubre 24, 2014 sa Barangay San Isidro, Lianga, Surigao del Sur.

Dagdag pa ni Malaya, pinatutunayan ng mga naganap na labanan na nasa ilalim ng Armed Forces of the Philippines ang kriminal na grupo ng mga Tejero at Belandres, at walang intensyon ang AFP na arestuhin ang mga "Magahat" sa pagpatay sa mga Lumad.

Samantala, tatlong operasyong haras ang isinagawa ng Celso Minguez Command - BHB Sorsogon laban sa mga tropa ng 31st Infantry Battalion at PNP Public Safety Battalion. Unang pinaputukan ng isang tim ng BHB ang isang kolum ng kaaway na nag-ooperasyon sa Barangay Tabi, Gubat, noong Enero 27, alas-4 ng hapon. Sinundan ito ng dalawa pang pagharas sa tropa ng kaaway na nakahimpil sa barangay hall ng San Antonio, Barcelona noong Enero 29, alas-10 ng umaga, at sa Bulacao, Gubat, nang hapon ding iyon. Nang isagawa ang mga operasyong haras ay halos isang linggo nang nag-ooperasyon ang kaaway sa mga bayan ng Gubat, Casiguran, Bacon, at Barcelona.

Noon namang Enero 25, isang sundalo ng Philippine Air Force ang napatay sa engkwentro sa Barangay Toong, Tuy, Batangas. Nagmamaniobra ang isang pangkat ng mga Pulang mandirigma sa isang burol nang mamataan nila ang mga sundalo at kagyat na pinaputukan. Ilang oras pagkatapos ng insidente, gumamit ang PAF ng helikopter at pinaulanan ang paligid ng bundok Batulao. Naghasik ito ng takot sa mga residente ng mga barangay Toong, Aga, Pulo, Boboc at San Jose.

# Ibayong pagpaslang at militarisasyon pagpasok ng 2016

Kaliwa't-kanang mga pagpaslang, pagdakip, ibayong militarisasyon at iba pang pang-aabuso sa karapatang-tao ang isinalubong ng rehimeng US-Aquino sa unang buwan pa lamang ng huling taon ng paghahari nito. Tampok sa mga ito ang pagpaslang sa tatlong sibilyan sa Mindanao at mga sibilyan sa Masbate, iligal na pag-aresto sa Sorsogon at dagdag na pagpakat ng bata-batalyong tropa sa Surigao.

Samantala, naglunsad ng mga pagkilos ang mga kabataan-estudyante para isigaw ang paglaya ng mga detenidong pulitikal.

**Negros Occidental.** Apat na pagpatay ang itinala ng Karapatan sa unang buwan ng Enero. Nagsimula ito nang dukutin noong gabi ng Enero 9 si Benjie Sustento, isang aktibistang magsasaka, sa kanyang tahanan sa Lopez Jaena, Murcia, Negros Occidental. Natagpuan siyang patay kinabukasan, kita ang palatandaan ng paggamit ng tortyur sa kanya at may tama ng bala sa mukha. Nakapiring ang kanyang mga mata, may busal, nakagapos at kinaladkad ng sasakyan ilang daang metro sa kalsada. Kasapi si Sustento ng National Federation of Sugar Workers. Bago naganap ang pagpatay, kalahok si Sustento sa pagsagawa ng kolektibong pagbubungkal ng lupa at nakaranas ng pagharas. Kinasuhan ang kapatid ni Sustento ng arson ng isang ispekulador ng lupa.



**Davao Oriental**. Pinakahuling biktima noong Enero ay si Christober Matibay, 43, lider ng grupong Barug Katawhan na binubuo ng mga biktima ng Bagyong Pablo at isa sa mga lumahok sa Manilakbayan noong nakaraang taon. Nakaupo si Matibay at ang kanyang misis sa *waiting shed* sa Lambajon, Baganga, Davao Oriental, noong ika-4 ng hapon ng Enero 18 nang dumaan ang isang lalaking nakamotorsiklo at tumigil malapit sa kanila. Nakilala siya ni Matibay na isang *intelligence officer* na may kodang "Mike" na matagal nang bumubuntot sa kanya. Nang tumindig ang misis ni Matibay para bumili ng kanilang hapunan, pinaputukan ni Mike si Matibay bago tumalilis. Tatlong tama ng baril ang natamo ni Matibay.

Sa barangay Central sa Mati, binaril ang isa pang aktibistang magsasaka, si Ricky Peñaranda, tagapangulo ng Fisherman Landless Association, ng naka-motor ding mga berdugo.

**Davao del Norte**. Napilitang magbakwit ang mga residente ng Sitio Laslasakan, Sitio Nalubas at Sitio Panga-an ng Barangay Palma Gil at Sitio Pongpong ng Barangay Dagoho, kapwa sa bayan ng Talaingod. Ito ay ilang araw matapos paslangin ng mga parami-

litar na grupong Alamara ang 15-taong mag-aaral na si Alibando Tingkas. *(Tignan ang* Ang Bayan, *Enero 21, 2016).*

Dahil dito, napilitang magsara ang mga paaralan ng Salugpongan Ta'tanu Igkanugon Community Learning Center sa mga naturang sityo. Napilitang mag-bakwit ang mga guro, mag-aaral at iba pang sibilyan sa takot ng mga atake pa ng grupong paramilitar.

**Compostela Valley**. Binaril noong gabi ng Enero 27 si Teresita "Bebing" Navacilla, isang 60-taong gulang na aktibista, sa barangay Kingking, Pantukan habang nag-aasikaso ng tindahan. Makalipas ang tatlong araw, pumanaw na si Navacilla. Nagtamo siya ng daplis ng bala sa likod na bahagi ng ulo at sa batok. Si Navacilla ay lumahok sa paglaban sa pagpasok ng Nationwide Development Corporation (Nadecor) at St. Augustine Gold & Copper Limited, isang kumpanyang Canadian. Ika-54 na biktima siya ng pamamaslang sa Southern Mindanao sapul noong 2010. Isa siyang maliit na minero at tagapangulo ng purok ng Gumayan sa Kingking. Isa rin siya sa mga nagbuo ng Save Pantukan Movement, isang alyansa na lumalaban sa malakihang pagmimina.

Noong hapon bago siya barilin, dumalaw si Navacilla kay Giovanni Gutierrez, isang kapwa maliit na minero at kasamahang abantero o umuuna sa paghuhukay na pinagbintangang kasapi ng NPA at nakakulong sa gawa-gawang kaso sa municipal office ng Philippine National Police.

Pinaghihinalaang nagmula ang mga pumatay sa 46th IB na nananalasa sa Pantukan kamakailan, nanghuhuli ng inosenteng mga sibilyan at pinagbibintangang kasapi ng NPA at tinatapakan ang karapatang-tao ng mga progresibong lider sa lugar. Target ng militar pangunahin ang maliliit na minero, magsasaka at Lumad ng tribong Mansaka na lumalaban sa pagpasok ng Nadecor at St. Agustine Mining.

Hawak ng Nadecor ang 1,656 ektaryang mineral rights ng Kingking na sumasaklaw sa apat na barangay ng Pantukan kabilang na ang Kingking, Magnaga, Tagdangua at Araibo.

Bago nito, noong nagsisimula pa lamang ang taon kinasuhan si Renante Mantos, lider ng Hugpong sa Mag-uuma sa Walog Compostela (Pagkakaisa ng mga magsasaka sa Walog o HUMAWAC), ng gawa-gawang kaso ng seryosong ilegal na pagbinbin ng mga kapitbahay.

Noong nakaraang taon, dalawang ulit na tinangkang barilin si Isabello Tindasan, tagapangulo ng Compostela Farmer's Association (CFA). Lumalaban ang CFA sa panghihimasok ng Agusan Petroleum Mining Company (AGPET), isang subsidyaryo ng San Miguel Corporation na pag-aari ni Eduardo Cojuangco, tiyuhin ni Benigno Aquino (*Tignan ang* Ang Bayan, *Disyembre 7, 2015.)*

**Masbate.** Tinukoy ng NPA-Masbate (Jose Rapsing Command) na ang Charlie Company ng 9th IB ang may kagagawan sa pagpatay ng barangay captain ng Bartolabac, San Jacinto sa Ticao Island, Masbate noong Enero. Ayon sa JRC, sinadyang patayin si Brgy. Captain Rey S. Encabo "para patahimikin ang kanyang matibay na panindigan na ipagtanggol ang karapatang tao ng kanyang mga residente sa barangay".

Idinamay si Kagawad Robert "Bongbong" D. Almondiel na nagkataong naroon sa bahay ni kapitan nang mangyari ang pamamaslang. Nakasaksi sa krimen si Jay C. Amoradiel, 14, na idinamay din upang walang magpatotoo sa pangyayari. Inundayan ng taga sa mukha ang nakabulagta nang bangkay ni Encabo at pinasabog naman ang ulo ng binatilyong si Jay.

Tinukoy ng JRC na sina Corporal Dangcalan at Sgt. Bustamante, kapwa ng 9th IB na nagsagawa ng operasyon sa lugar sa panahong iyon, ang may kagagawan sa masaker.

**Lumalawak na protesta**

Samantala, hinarang ang mga lider-estudyante at manunulat mula sa Polytechnic University of the Philipines sa pagdalaw sa tatlong kabataang detenido sa Special Intensive Care Area-1 ng Camp Bagong Diwa, Bicutan noong Enero 17. Ang tatlong detenido – Jared Morales, Hermogenes Reyes Jr., at Rex Villaflor – ay kabilang sa 136 kabataang bilanggong pulitikal sa bansa. Hinarang din ang pagtangkang pagpasok ng mga lider-estudyante ng University of the Philippines sa Batangas Provincial Jail kung saan nakakulong si Maricon Montajes, isang mag-aaral ng pelikula sa UP. Ayon sa gwardya na naka-*duty* sa araw ng kanilang pagbisita noong Enero 24, utos daw ng bagong *jail warden* na si David Quimio Jr. na hindi papasukin ang mga bisita ng mga bilanggong pulitikal dahil diumano espesyal ang mga kaso nila.

AB




# National Greening Program, pangangamkam ng lupa sa Cagayan Valley

Ang National Greening Program (NGP) ang huwad na programa sa *reforestation* ng rehimeng US-Aquino. Isa itong iskema ng pang-aagaw ng lupa ng malalaking konsesyunaryo sa logging. (*Tingnan ang* Ang Bayan, *Disyembre 7, 2015.*) Buong-larga ang pagpapatupad ng NGP sa Cagayan Valley.

Sa mga prubinsya ng Isabela, Nueva Vizcaya at Quirino, klasipikadong kagubatan ang 1,146,716 ektarya o 67% ng kabuuan nitong 1,700,000 ektarya kahit matagal na itong hinawan, binungkal at pinusisyunan ng mga magsasaka. Mga lugar ito ng malalim na diskuntentong panlipunan at pagkamuhi sa gubyerno, na nakaugat sa kawalan ng katiyakan sa pag-aari sa lupang binubungkal at pagpabor sa malalaking negosyo na lokal at dayuhan. Mga lugar din ito na pinaglalawayan ng mga negosyante sa lupa at kontraktor sa pagpapatanim ng kahoy.

**Sa Quirino**

Sa bayan ng Diffun, ginawang plantasyon ng gmelina ang 300 ektarya na dati'y taniman ng mais ng mga taga-barangay Magsaysay, Campamento, San Pascual at Dumanise. Ipinasok ito ng DENR sa programa ng reporestasyon noong 1997.




Nalinlang ng DENR ang mga mamamayan sa mga pangako na babayaran nila ang mga magsasaka at sila pa rin ang may-ari ng lupa, at may tatanggaping sahod sa pagtatanim ng gmelina. Maaari rin diumanong kumuha ng kahoy bilang materyales sa paggawa ng kanilang mga bahay.

Naglabas ng kasulatan ang noo'y kapitan ng Brgy. Magsaysay na sinasang-ayunan ng mga taga-roon ang pagiging *Forest Zone* ng kanilang lugar at pumapayag silang tamnan ng gmelina ang 300 ektarya. Nagtalaga ang DENR ng mga tauhan nito sa lugar, kabilang si Butch Marsan na may kasosyong negosyanteng Amerikano.

Walang natupad sa mga pangako ng DENR. Pinagbabawalan silang magputol ng mga kahoy at magtanim sa kanilang lupa na sinakop ng kontrata. Sa kasalukuyan, inaangkin ni Marsan ang buong plantasyon. Kumuha siya ng mga montero para magbantay at manakot sa mga mamamayan na gusto nang bawiin ang kanilang mga lupa. Dahil dito, may iilang pamilya na rin ang umalis sa lugar. Binabalak din ni Marsan na ibenta na ang plantasyon dahil sa hindi nila pagkakaunawaan ng kasosyong Amerikano. Ngayong taon, paabutin pa sa 500 ektarya ang plantasyon ng gmelina, alinsunod sa NGP.

**Sa Isabela**

Umaabot sa mahigit 200,000 ektarya ang sinaklaw ng ISFP (Integrated Social Forestry Program) sa prubinsya. Hindi mabilang na mga tuntunin, regulasyon at pagbabawal ang nakasaad dito, na nagtataboy sa mga naninirahan at nagtatanim sa mga kabundukan.

Sa pagkakakansela ng mga aplikasyon sa IFMA sa bayan ng San Mariano, ipinasok sa NGP ang mga lupain sa laylayan ng Sierra Madre. Mayroong pondo na P50,000 kada ektarya sa programang ito.

Sa Brgy. Disulap, inoobligang magtanim ng punongkahoy ang mga benepisyaryo ng 4Ps. Tinatakot ang mga benepisyaryo na kung hindi sila magtatanim, aalisin sila sa listahan ng 4Ps. DENR pa rin ang nagtutulak nito ka-koordina ng DSWD. Kinokontrata din ang mga indibidwal na magsasaka para mag-"reforest" sa kanilang mga pusisyong lupa. Babayaran sila ng P10 kada punla o kung may pondo daw ay P10,000/ektarya. Ibig sabihin, mas malaking bahagi ng pondo, o P40,000/ektarya ang naibubulsa ng mga upisyal ng DENR.

Gamit ang isang helikopter, pinasarbey ng mga lokal na pulitiko na sina Rep. Ana Go at Jun Carreon ang dati nilang konsesyon sa tri-boundary ng mga barangay ng Minanga, Disusuan at Dibuluan na aabot sa halos 1,000 ektarya. Nakikihati rin dito si Sonny Rodriguez, isang tauhan ng National Commission on Indigenous Peoples. Mga produktibong lupain ang mga ito na binubungkal ng mga Ilokano, Ibanag, Kalinga, Ifugao at mga Aggay na matagal nang pumusisyon sa lupa. Nais samantalahin ng mga ma-

ngangamkam ang bagong batas na nagpapahintulot na gamitin para sa produksyon ng *biofuel* ang mga erya para sa reforestation.

Sasaklawin din ng NGP ang 100 ektaryang posisyon ng mga Agta at Ifugao sa mga baranggay ng San Jose at Casala. Sinasamantala ng *bioethanol* ang mahirap na kalagayan ng mga katutubo sa pamamagitan ng pananakot at panlinlang na magbibigay diumano ng bayad. Sinabayan ng operasyon ng 86th Infantry Battalion ang pagsusukat ng lupa noong 2014.


Hindi masusukat ang kasakiman ng mga negosyante at nasa kapangyarihan. Hangga't may lupain ay sinasakop nila ito. Salit-salitan nilang pinagpapasasaan ang mga lupaing pinagpapaguran ng ilang salinlahi na ng mga magsasaka. Harap-harapang inaagaw ang kayamanang bunga ng kanilang pagod sa pamamagitan ng mga batas na gawa ng mga reaksyunaryo at dahas ng kanilang mga bayarang tauhan at sundalo.

Sa harap ng ganitong kasakiman at kabangisan, nasasapol ng mamamayan na ang hinahangad na kalayaan at katarungan ay matatamo lamang sa pamamagitan ng paglaban. Paglaban hindi lamang sa mga hungkag na programa gaya ng reporestasyon, kundi paglaban at pagpapabagsak sa imperyalistang kontrol sa ekonomya, pulitika at militar na larangan ng pamumuhay ng mamamayan. Pagpapabagsak sa gubyernong sunud-sunuran sa mga imperyalista at pagtatatag ng gubyernong tunay na maka-magsasaka at makamamamayan. *(Mula sa korespondent ng* Baringkuas.*)* AB

# Pagtumal ng ekonomya ng China at ang banta ng mas malalang pandaigdigang krisis

Halos sabay-sabay na bumulusok ang mga stock market o pamilihan ng sapi sa iba't ibang panig ng mundo sa unang linggo ng mga transaksyon ngayong 2016. Nangatog ang tuhod ng malalaking kapitalistang bangkero at mamumuhunan na labis na nangangamba sa banta ng panibagong delubyong pampinansya at paglala ng nagtatagal nang depresyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Dumausdos ang mga stock market kasunod ng paglabas ng mga datos na nagpapakitang patuloy na tumutumal ang ekonomya ng China. Lumitaw na noong nakaraang Disyembre 2015, bumagal ang paglago ng produksyong industriyal tungong 5.9% mula paglagong 6% noong Nobyembre. Bumagal rin ang paglago ng bentang pagtitingi mula 11.3% noong Nobyembre tungong 11.1% noong Disyembre.



Bagaman nagpapakita lamang ang mga ito ng bahagyang pagtumal sa ekonomya ng China, niyayanig ng mga ito ang mga ispekulador sa pinansya na namumuhunan sa mga sapi at iba pang instrumentong pampinansya. Binabantayan nila ang anumang indikasyong ang ekonomya ng China ay lalagpak at hihila sa pandaigdigang kapitalistang sistema tungo sa mas malala pang krisis.

Sa nagdaang mga taon, laluna mula nang sumambulat ang pandaigdigang krisis sa pinansya noong 2008, inasahan ng malalaking kapitalistang bansa ang China, pati na ang tinaguriang mga umuusbong na ekonomya, na magsilbing "makina" ng muling pagbangon at paglago ng kapitalistang sistema.

Noong 2009, nagbuhos ang China ng $587 bilyong pondong pampasigla ng ekonomya na kalakha'y napunta sa mga pabahay at imprastruktura tulad ng modernong mga riles at matutulin na tren, malalaking kalsada, daungan at iba pa. Malaking pondo rin ang ibinuhos ng China sa Africa at iba't ibang bansa. Nitong 2015, pinunan ng China ang sangkapat ng inisyal na pondong $100 billion ng Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB) na inaasahan nitong magpopondo sa malalaking proyektong pang-imprastruktura sa ilalim ng programang New Silk Road. Halos kalahati ng $100 bilyong pondo ng New Development Bank (bangko ng grupong BRICS o Brazil, Russia, India, China at South Africa) ay nagmula rin sa China.

Todo-todo ang ginawang pamumuhunan ng China sa mga atrasadong bansang tinaguriang "umuus-

bong" na ekonomya. Subalit maliit lamang ang nagagawa nito sa muling pagbangon ng internasyunal na ekonomya at hindi nakapagpapa-alwan sa krisis ng sobrang produksyon ng mga kapitalistang bansa. Ang ilang proyekto ng China, tulad ng pagtatayo ng mga oil pipeline (tubong pagdadaluyan ng langis) mula sa Siberia ay posibleng hindi na ituloy. Halos abandonado na rin ang itinayo nitong "special economic zone" sa hangganan nito sa Kazakhstan, na isa sa proyekto sa ilalim ng New Silk Road.

Sa kabila ng laki ng ekonomya ng China, iniinda na rin nito mismo ang lumalaking problema ng sobrang produksyon. Ilan taon na itong nasa proseso ng matagalang pagtumal. Matapos ng humigit-kumulang dalawang dekada ng mabilis na kapitalistang paglawak simula katapusan ng 1980, nagsimulang bumagal ang paglago ng ekonomya ng China kasabay ng pagguho ng malalaking bangko noong 2008.

Lumalaki ang imbentaryo ng mga di mabentang produkto kabilang ang mga bahay, cellphone at mga produktong elektroniko at iba pa. Dumarami ang mga kumpanyang nagsasara o nababangkarote. Kaakibat nito lumalaki ang bilang ng mga manggagawang natatanggal sa trabaho.

Sa nagdaang limang taon, tuluy-tuloy ang marahang pagbaba ng paglago ng ekonomya ng China (batay sa *gross domestic product* o GDP) mula 7.7% (noong 2012), tungong 7.6% (2013), 7.3% (2014) at 6.9% nitong nagdaang taon, pinakamababa simula 1990. Inaasahang aabot na lamang ito sa 6.5% ngayong taon.

Marahan man ang pagbaba ng paglago ng China, malaki ang epekto nito sa maraming bansang mahigpit na nakatali sa ekonomya nito. Noong 2012, China ang pinakamalaking kakalakalan ng 124 bansa. (Ihambing dito ang US na pinakamalaking kakalakalan naman ng 76 bansa.) Ang China rin ang pinagmumulan ng 5% ng kita ng mga kumpanya sa US. May ilang kumpanya, tulad ng Pizza Hut at KFC, na hanggang 50% ng kita ay nagmumula sa China. Mula rin sa China ang 10% ng kita ng ilang kumpanya sa Europe.

Puspusan ang pagsisikap ng China na patatagin ang halaga ng salapi nitong yuan kontra sa dolyar upang tuluy-tuloy nitong madomina ang mga pamilihang pang-eksport. Mula Setyembre 2014, umabot na sa $443 bilyon ang ginamit ng China para huwag labis na lumiit o lumaki ang halaga ng yuan.

Sa kabila ng laki ng ekonomya ng China, hindi nito kayang tagalan na magsilbing "makina" na magpapatakbo sa pandaigdigang sistemang kapitalista at magtutulak dito tungo sa pagbangon at pagsigla. Taliwas dito, ang walang rendang pagpapaandar ng makinang ito ng China ay nag-aambag sa patuloy na paglala ng krisis sa sobrang produksyon sa buong mundo at lalong nagpapatagal sa pagbangon ng pandaigdigang sistema ng kapitalismo mula sa depresyon. Sa kabilang panig, ang nagtatagal na depresyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista ang bagahe na nagpapabagal sa takbo ng China at humihila dito sa krisis ng sobrang produksyon. AB

## Libreng patubig, giit ng mga magsasaka

NAGRALI ang mga magsasaka mula sa Tarlac, Nueva Ecija, Bulacan at Isabela sa tapat ng National Irrigation Administration (NIA) sa Quezon City nitong Enero 21 para igiit ang libreng serbisyong irigasyon para sa mga magsasaka. Pinangunahan ang kilos-protesta ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP).

Ayon sa KMP, karaniwan na ang mga magsasaka ay pinagbabayad ng P4,500 na irrigation service fees (ISF) o katumbas ng limang kabang palay bawat ektarya tauntaon na labis ang taas ng interes. Obligadong magbayad ng ISF ang mga magsasaka at mga Irrigators Association (IA) kahit pa hindi sila nakatatanggap ng tubig o hindi inaabot ng irigasyon ang kanilang lugar.

"Dahil sa estratehiko ang halaga ng irigasyon para isulong ang sustenidong kaunlaran sa agrikultura, kasapatan sa produksyon ng palay, seguridad sa pagkain at pag-aangat ng kagalingan ng magsasakang Pilipino, obligasyon ng gubyerno na ibigay ang libreng serbisyong irigasyon," ani Rafael Mariano, tagapangulo ng KMP.

Sa halip na bigyan ng subsidyo ang irigasyon, ang pinopondohan ng rehimeng Aquino ay ang malalaking proyektong dam tulad ng Balog-Balog Multipurpose Dam Project sa Tarlac na pakikinabangan ng Hacienda Luisita ng mga Aquino-Cojuangco at ang Jalaur Multipurpose Dam Project sa Iloilo na itinutulak ni Franklin Drilon, kapartido ni Aquino sa Liberal Party.

Pabigat sa mga magsasaka ang napakalaking bayarin sa irigasyon na nagpapataas ng gastos sa produksyon. Hanggang 80% ng kinukulekta ngayon ng NIA ay utang ng mga magsasaka.

Binatikos rin ng KMP ang mga anomalya sa NIA. Kinwestyon nito ang ilang ulit na paglaki ng budget nito mula P2.4 bilyon noong 2014, tungong P28.7 bilyon noong 2015 at P32.7 bilyon ngayong taon. Noong isang taon, natapos lamang nito ang irigasyon ng 1,905 ektarya sa target na 7,502 ektarya at naisaayos ang 8,609 ektarya sa target na 24,541 ektarya.

Lalong nagiging kagyat ang usapin ng libreng irigasyon dahil nagbubunga ng tagtuyot ang El Niño na pagbabago sa klima. AB